ARALIN 39

1. Sino ang bagong pinuno ng mga Israelita na pinili ng Diyos na kapalit ni Moises?
-Si Josue.

2. Tinupad ba ng Diyos ang Kanyang pangako at ibinigay sa mga kaapu-apuhan ni Abraham ang lupain ng Canaan?
-Oo.

3. Matapos mamatay ni Josue, ano ang ginawa ng mga Israelita?
-Pagkatapos na mamatay ni Josue, tinanggihan ng mga Israelita ang Diyos at naging napakasama.
-Pagkatapos ng kamatayan ni Joshua, ang mga Israelita ay gumawa ng mga imahen at sumamba sa mga imahen sa halip na Diyos.

4. Sino ang nanlinlang sa mga Israelita upang itakwil nila ang Diyos at sumamba sa mga imahen?
-Si Satanas.

5. Kung tayo ay sumasamba sa sinuman o anumang bagay maliban sa Diyos, sino ang ating sinasamba?
-Si Satanas.

6. Bakit inaakay ni Satanas ang mga tao na sumamba sa mga imahen?
-Dahil kinamumuhian ni Satanas ang Diyos, at ayaw niyang sambahin ng sinuman ang Diyos.
-Dahil kinamumuhian ni Satanas ang lahat ng tao, at ayaw niyang ang sinuman ay maligtas ng Diyos.



7. Paano pinarusahan ng Diyos ang mga Israelita dahil sa pagsamba sa mga imahen?
-Sinugo ng Diyos ang mga kaaway ng mga Israelita upang pumunta at sirain ang lahat ng mga pananim ng mga Israelita.
-Sinugo ng Diyos ang mga kaaway ng mga Israelita upang pumunta at nakawin ang lahat ng kanilang mga baka.
-Sinugo ng Diyos ang mga kaaway ng mga Israelita upang pumunta at gawing mga alipin ang mga Israelita.

8. Nang ipagtapat ng mga Israelita ang kanilang mga kasalanan, at hiniling sa Diyos na iligtas sila, ano ang ginawa ng Diyos?
-Nang ipagtapat ng mga Israelita ang kanilang mga kasalanan, at hiniling sa Diyos na iligtas sila, pumili ang Diyos ng mga lalaki at babae sa mga Israelita na mamumuno sa mga Israelita upang talunin ang kanilang mga kaaway.

9. Ano ang tawag sa mga kalalakihan at kababaihang ito na pinili ng Diyos na pamunuan ang mga Israelita upang talunin ang kanilang mga kaaway?
-Mga Hukom.

10. Bakit mahal at pinrotektahan pa rin ng Diyos ang mga Israelita?
-Dahil ipinangako ng Diyos na si Abraham, Isaac, at Jacob ay magkakaroon ng maraming lahi na magiging mga dakilang tao.
-Dahil ipinangako ng Diyos na ipapadala ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng lahi ng mga Israelita.
-Dahil ipinangako ng Diyos na ipapadala ang Kanyang mensahe, ang Bibliya, sa pamamagitan ng mga lahi ng mga Israelita.

11. Sino ang huling hukom ng mga Israelita?
-Si Samuel.

12. Bago namatay si Samuel, ano ang hiniling ng mga Israelita kay Samuel?
-Hiniling ng mga Israelita kay Samuel na pumili ng isang hari na mamumuno sa kanila.

13. Bakit ito kinalungkot ni Samuel?
-Nalungkot si Samuel dahil tinatanggihan ng mga Israelita ang Diyos bilang kanilang hari.

-Pinili ng Diyos si Saul upang maging unang hari ng mga Israelita.

-Dahil pinili ng Diyos si Saul, gusto ng Diyos na sundin Siya ni Saul, ngunit hindi sinunod ni Saul ang Diyos.

-Samakatuwid, sinabi ni Samuel kay Saul na ang Diyos ay pumili ng ibang lalaki upang maging hari ng mga Israelita.

Basahin natin ang 1 Samuel 13:13-14

13-Sinabi ni Samuel kay Saul, "Kahangalan ang ginagawa mo. Hindi mo tinupad ang utos ng Panginoon mong Diyos na iniutos niya sa iyo. Ngayo'y itinatag sana ng Panginoon ang iyong kaharian sa Israel magpakailanman.

14-Ngunit ngayon ay hindi na magpapatuloy ang iyong kaharian. Ang Panginoon ay humanap na ng isang lalaking ayon sa kanyang sariling puso, at itinalaga siya ng Panginoon upang maging pinuno sa kanyang bayan, sapagkat hindi mo tinupad ang iniutos ng Panginoon sa iyo."

-Nang sumuway si Saul sa Diyos, sino ang pinili ng Diyos na maging susunod na hari ng Israel?
-Si David.



-Pinili ng Diyos si David upang maging pangalawang hari ng mga Israelita.

Basahin natin ang 1 Samuel 16:1 & 13a

1-Sinabi ng Panginoon kay Samuel, "Hanggang kailan mo iiyakan si Saul gayong itinakuwil ko na siya sa pagiging hari sa Israel? Punuin mo ng langis ang iyong sungay at humayo ka. Isusugo kita kay Jesse na taga-Bethlehem sapagkat ako'y naglaan para sa aking sarili ng isang hari mula sa kanyang mga anak na lalaki."

13-Kaya't kinuha ni Samuel ang sungay ng langis at binuhusan siya sa gitna ng kanyang mga kapatid. At ang Espiritu ng Panginoon ay dumating na may kapangyarihan kay David mula sa araw na iyon.

-Pagkatapos ng kamatayan ni Saul, ang lahat ng mga Israelita ay pumunta kay David upang gawin siyang hari.

Basahin natin ang 2 Samuel 5:1-4

1-Pagkatapos ay pumaroon ang lahat ng mga lipi ng Israel kay David sa Hebron, na nagsasabi, "Kami ay iyong buto at laman.

2-Sa nakaraang panahon, nang si Saul ay hari sa amin, ikaw ang nangunguna at nagdadala sa Israel. Sinabi ng Panginoon sa iyo, 'Ikaw ay magiging pastol ng aking bayang Israel at ikaw ay magiging pinuno sa Israel.'"

3-Kaya't pumunta ang lahat ng matatanda sa Israel sa hari na nasa Hebron; At si Haring David ay nakipagtipan sa kanila sa Hebron sa harap ng Panginoon at kanilang binuhusan ng langis si David bilang hari sa Israel.

4-Si David ay tatlumpung taong gulang nang siya'y magsimulang maghari, at siya'y nagharing apatnapung taon.

-Paano nagkakaiba sina Saul at David?

-Si Saul ay hindi naniniwala na siya ay isinilang sa kasalanang naghihiwalay sa kaniya sa Diyos.

-Ngunit alam ni David na siya ay isinilang sa kasalanang naghihiwalay sa kaniya sa Diyos.

-Hindi naniniwala si Saul na pinarurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan.

-Ngunit alam ni David na pinarurusahan ng Diyos ang lahat ng kasalanan sa pamamagitan ng kamatayan.

-Si Saul ay hindi naniniwala na ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa kaniya.

-Ngunit alam ni David na ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa kaniya.

-Hindi naniwala si Saul sa pangako ng Diyos na ipapadala ang Tagapagligtas.

-Ngunit alam ni David na ipadadala ng Diyos ang Tagapagligtas upang iligtas siya mula kay Satanas at kamatayan.

-Dahil naniniwala si David sa Diyos, sumulat siya ng maraming awit ng pagsamba sa Diyos.



-Si David ay sumulat ng maraming awit ng pagsamba sa Diyos na ngayon ay nasa Aklat ng Diyos, ang Bibliya.

-Dahil si David ang hari ng mga Israelita, marami siyang salapi.

-Dahil si David ang hari ng mga Israelita, nagtayo siya ng malaking bahay na gawa sa kahoy, bato, ginto, at pilak.

-Isang araw, nagsimulang isipin ni David ang kanyang bahay at ang tolda ng Diyos.

Basahin natin ang 2 Samuel 7:1-3

1-At nangyari nang ang hari ay nakatira na sa kanyang bahay, at binigyan siya ng Panginoon ng kapahingahan sa lahat niyang mga kaaway sa palibot.
2-Sinabi ng hari kay Natan na propeta, "Tingnan mo ngayon, ako'y tumitira sa isang bahay na sedro, ngunit ang kaban ng Diyos ay nakatira sa loob ng mga tabing."
3-At sinabi ni Natan sa hari, "Humayo ka, gawin mo ang lahat ng nasa iyong isipan; sapagkat ang Panginoon ay kasama mo."

-Pagkatapos na itayo ni David ang kanyang bahay, ano ang gusto niyang gawin?

-Nais ni David na magtayo ng bahay para sa Diyos.

-Kailangan ba ng Diyos ng bahay na matitirhan?

-Hindi.

-Ang Diyos ay nasa lahat ng dako sa lahat oras, at hindi nangangailangan ng bahay na tirahan.

-Kahit na hindi kailangan ng Diyos ng bahay na matitirhan, natuwa ang Diyos na inisip Siya ni David.

-Ano ang sinabi ng Diyos kay David?

Basahin natin ang 2 Samuel 7:12-13a

12-[Sinabi ng Panginoon] "Kapag ang iyong mga araw ay naganap na at ikaw ay matutulog na kasama ng iyong mga ninuno, aking ibabangon ang iyong binhi pagkatapos mo, na magmumula sa iyong katawan, at aking itatatag ang kanyang kaharian.
13-Siya'y magtatayo ng bahay para sa aking pangalan."

-Bagaman nalulugod ang Diyos dahil inisip Siya ni David, sinabi ng Diyos na hindi si David ang magtatayo ng bahay para sa Diyos.

-Sino ang dapat magtayo ng bahay para sa Diyos?
-Ang anak ni David, si Solomon.

-Dahil naniniwala si David sa Diyos, nangako ang Diyos kay David.
-Narito ang ipinangako ng Diyos kay David:

Basahin natin ang 2 Samuel 7:16

16-[Sinabi ng Panginoon kay David] "Ang iyong sambahayan at ang iyong kaharian ay matitiwasay magpakailanman sa harap ko; Ang iyong trono ay matatatag magpakailanman."



-Ano ang dakilang pangakong ito na ginawa ng Diyos kay David?

-Nangako ang Diyos na ipapadala Niya ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng lahi ni David.

-Ang pangakong ito na ginawa ng Diyos kay David ay ang parehong pangako ng Diyos kay Abraham, Isaac, at Jacob.

-Ipapadala ng Diyos ang Tagapagligtas na magiging hari magpakailanman.

-Nakalimutan ba ng Diyos ang Kanyang pangako na ipapadala ang Tagapagligtas?

-Hindi.

-Laging naaalala ng Diyos ang Kanyang pangako na ipadala ang Tagapagligtas upang iligtas tayo mula sa kasalanan, kamatayan, at kay Satanas.

-Bago mamatay si David, gumawa siya ng maraming paghahanda upang magtayo ng bahay para sa Diyos.

-Pagkatapos, ibinigay ni David sa kanyang anak na si Solomon ang gawaing pagtatayo ng bahay para sa Diyos.

Basahin natin ang 1 Cronica 22:5-6

5-Sapagkat sinabi ni David, "Si Solomon na aking anak ay bata pa at wala pang karanasan, at ang bahay na itatayo para sa Panginoon ay kailangang maging kahanga-hanga, bantog at maluwalhati sa buong lupain. Ako'y maghahanda para doon."

Kaya't naghanda si David ng maraming kagamitan bago sumapit ang kanyang kamatayan.

6-Pagkatapos ay ipinatawag niya si Solomon na kanyang anak, at inatasan niyang magtayo ng isang bahay para sa Panginoon, ang Diyos ng Israel.

-Bago mamatay si David, sinabi niya sa kaniyang anak na si Solomon na magtayo ng bahay para sa Diyos.

-Pagkatapos nito, namatay si David, at ang kanyang anak na si Solomon ay naging hari ng mga Israelita.

Basahin natin ang 1 Cronica 29:26-28

26-Sa gayon naghari si David na anak ni Jesse sa buong Israel.

27-Ang panahon ng kanyang paghahari sa Israel ay apatnapung taon; Pitong taon siyang naghari sa Hebron, at tatlumpu't tatlong taon naman sa Jerusalem.

28-Pagkatapos siya'y namatay sa sapat na katandaan, puspos ng mga araw, mga kayamanan, at karangalan; At si Solomon na kanyang anak ay nagharing kapalit niya.

-Pagkatapos na maging hari si Solomon ng mga Israelita, ano ang kaniyang ginawa?

Basahin natin ang 2 Cronica 2:1a

1-Pinatatatag ni Solomon na anak ni David ang sarili sa kanyang kaharian,



-Tulad ng sinabi sa kanya ng kanyang amang si Haring David, nagtayo si Solomon ng isang bahay para sa Diyos.

-Ang pangalan ng bahay na itinayo ni Solomon para sa Diyos ay tinawag na templo.

-Itinayo ni Solomon ang templo sa lungsod ng Jerusalem.

-Ang lungsod ng Jerusalem ay isang malaking lungsod sa Canaan kung saan nakatira ang marami sa mga Israelita.

-Napalilibutan ng malaking pader na bato ang lungsod ng Jerusalem upang protektahan ang lungsod mula sa mga kaaway ng mga Israelita.

-Ang templong itinayo ni Solomon para sa Diyos ay katulad ng tolda na itinayo ng mga Israelita para sa Diyos sa disyerto.

-Paanong ang templo na itinayo ni Solomon para sa Diyos ay katulad ng tolda na itinayo ng mga Israelita para sa Diyos sa disyerto?

-Ang tolda ng Diyos ay may unang silid na tinatawag na Banal na Silid.

-Ang templo ay mayroon ding unang silid na tinatawag na Banal na Silid.

-Ang tolda ng Diyos ay may pangalawang silid na tinatawag na Kabanal-banalang Silid.

-Ang templo ay mayroon ding pangalawang silid na tinatawag na Kabanal-banalang Silid.

-Ang tolda ng Diyos ay may kurtina na naghihiwalay sa dalawang silid.

-Ang templo ay mayroon ding kurtina na naghihiwalay sa dalawang silid.

-Dahil ang Diyos ay banal at napopoot sa lahat ng kasalanan, gaano kadalas nakapasok ang punong saserdote sa Kabanal-banalang Silid?

-Minsan lang sa isang taon.

-Dahil ang Diyos ay banal at napopoot sa lahat ng kasalanan, ano ang ginawa ng punong saserdote sa Kabanal-banalang Silid?

-Siya ang nagwisik ng dugo ng mga hayop sa Kaban ng Tipan.

-Ano ang gagawin ng Diyos kapag nakita Niya ang dugo na iwiwisik ng punong saserdote sa Kaban ng Tipan?

-Ipagkakait ng Diyos ang Kanyang kaparusahan sa mga kasalanan ng mga tao sa loob ng isang taon hanggang sa isang mas mabuting kabayaran para sa kasalanan ay magawa.

-Maibabayad ba ang dugo ng mga hayop sa mga kasalanan ng mga tao?

-Hindi.



-Bakit hindi nagawang bayaran ng dugo ng mga hayop ang mga kasalanan ng mga tao?

-Dahil ang kasalanan ay dapat pagbayaran sa pamamagitan ng kamatayan ng makasalanan.

-Pagkatapos ng pagkamatay ni Haring Solomon, ano ang nangyari sa mga Israelita?

-Hindi magkasundo ang mga Israelita kung sino ang susunod na hari.

-Samakatuwid, ang labindalawang tribo ng mga Israelita ay nahati at naging dalawang tribo.

-Ang sampung tribo sa hilaga ay humiwalay sa dalawang tribo sa timog.

-Ano ang tawag sa sampung tribo ng hilaga?
-Israel.

-Ano ang tawag sa dalawang tribo ng timog?
-Juda.

-Maraming hari ang namuno sa Israel, at maraming hari ang namuno sa Juda.

-Karamihan sa mga hari ay hindi naniniwala sa Diyos.

-Iilan lamang sa mga hari ang naniwala sa Diyos.